





Lipoprotein (a): Myth Vs. Fact



Myth 6:

Walang epekto ang aking etnisidad at kasarian sa Lp(a) level ko

Fact: Bagama't puwedeng magkaroon ng matataas na Lp(a) level ang sinumang lahi, mas karaniwan ito sa mga South Asian at mga Black na may African descent. Bukod pa rito, mas matataas ang Lp(a) level ng kababaihan edad 50 pataas kumpara sa kalalakihan.

Myth 7:

Puwede kong pababain ang aking Lp(a) sa pamamagitan ng medikasyon at mga pagbabago sa lifestyle

Fact: Bagama't walang anumang medikasyong available sa kasalukuyan para bawasan ang Lp(a), marami kang puwedeng gawin para pagandahin ang kalusugan ng iyong puso. Kahit hindi direktang pinapababa ng malusog na lifestyle ang Lp(a) level mo, malaki ang maibabawas nito sa panganib mong magkaroon ng sakit sa puso. Kung mataas ang Lp(a) mo, napakahalagang magpanatili ng heart-healthy na lifestyle habambuhay at kontrolin ang lahat ng iba mo pang risk factor, lalo na ang LDL cholesterol mo. Inirerekomenda ang mga sumusunod na hakbang:



Myth 8:

Walang health insurance na nagko-cover sa Lp(a) test

Fact: Kadalasan, kino-cover ng health insurance ang Lp(a) testing, pero kung hindi ka sigurado sa coverage ng plano mo, makipag-ugnayan sa iyong insurance at ibigay sa kanila ang CPT code na **83695** para sa test para malinawan. Kung hindi cover ng insurance mo ang Lp(a) test, baka puwede kang tulungan ng doktor mo na makahanap ng mga abot-kayang opsyon.

Makipag-usap sa doktor mo tungkol sa Lp(a) at kung paano babawasan ang panganib mong magkaroon ng sakit sa puso.

Alamin ang higit pa sa [heart.org/lpa](https://www.heart.org/lpa)